Humanities Diliman (January-June 2015) 12:1, 78-105

# Pakiramdaman: Isang Tatak Filipinong Lapit sa Pagdadalumat sa Sosyolohiya (Pakiramdaman: A Filipino Brand of Reflective Inquiry in Sociology)

**Dennis S. Erasga**
De La Salle University

**ABSTRACT**

The article contends that neither theory-building nor theorizing is an exclusive means of understanding the social in Philippine sociological discourse. *Pagdadalumat* as a homegrown reflexive inquiry proves to be more proficient and powerful an approach in making sense of the foundational principles of the discipline. Henceforth, the article examines the two implicated issues of doing *pagdadalumat* in the production of sociological knowledge in the Philippines viz. (i) the concept of kapwa as manifestation of the nexus of the Self and Other (ii) and the epistemological affordances of *pagdadalumat* versus the rigid evidence-seeking temperament of scientific inquiry. At the end, an outline of a sociological model of *pagdadalumat* is presented—pakiramdaman—anchored on an indigenous communicative practice (pakikipagtalastasan) using four (4) Filipino social constructs—*lapit, galang, hiya, lusot*—and their corresponding indicators—*relasyon, kapwa, sitwasyon, kahihinatnan*.

*Keywords:* Homegrown reflexive inquiry, sociology, pakiramdaman, text/context, Pantayong Pananaw, theory, indigenous communicative practice

## PANGHIHIRAM NG TEORYA: ISANG PAGLALAHAD SA KONTEKSTO NG PILIPINAS

Sa kasalukuyang pag-aaral na ginagawa nina Erasga at Duaqui (2), ang pagdadalumat sa sosyolohiya sa Pilipinas ay nakakahon. Base sa analisis ng mga piling artikulong teoretikal na inilathala ng *Philippine Sociological Review* (PSR) simula sa unang isyu na inilabas noong 1952 hanggang sa kasalukuyan, wala pang tahakang pagdadalumat na ginagawa ang mga Filipinong sosyolohista. Sa halip, sila ay nanghihiram ng samu't-saring teorya na nilikha sa kanluran. Sa kanilang pagsusuri, dalawang uri ng panghihiram ang natuklasan nina Erasga at Duaqui. Una ay ang "tahasang paggamit" ng isang piling teorya bilang gulugod ng pagsusuri gamit ang mga konsepto at

ISSN 1655-1532 Print / ISSN 2012-0788 Online

terminologo ng teoryang hiniram. Ang ikalawang uri ay ang "paghahalo" ng mga piling konsepto ng isa o dalawang pinagsabay na teorya at buhat dito sila ay "magtitimpla" ng kanilang sariling bersiyon. Ang dalawang uri ng panghihiram ay kapwa mapanganib dahil bulag ito sa kaisipan na sa panghihiram, maraming bagay na tinatangkilik ang hindi angkop sa karanasan ng nanghihiram at sa kultura na kaniyang kinabibilangan. Dapat ding alalahanin na sa pormal na pag-aaral ng lipunan, ang teorya ay pangunahin sa paghahanda ng pananaliksik dahil ito ang magsisilbing lente ng pagsusuri at panuntunan ng malalim na pagsipat. Hindi ito isang sangkap na idinadagdag o isinisingit lamang sa gitna, sa bandang huli o kung saan mang lugar sa teksto ng pag-aaral na tila palamuti upang masabi na kumpleto ang mga bahagi ng pag-aaral.

Sa aking palagay, ang ganitong kalagayan ng sosyolohiya sa Pilipinas ay bunsod ng pagtutumbas ng konsepto ng teorya ng kanluran sa praktis ng pagdadalumat sa Pilipinas. Sa isang pagsipat, ang pagtutumbas ay isang malaking hakbang tungo sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagteteorya sa kasalukuyang tradisyon at praktis sa agham panlipunan. Subalit sa isang panig, may kasanayan ding napapawalang-bisa kung pangangatawanan ang di maingat na pagtutumbas sa dalawa. Kailangang alamin kung hanggang saan maaaring tangkilikin ang tumbasan- sa madaling salita- ang hangganan nito. Sa ganitong paraan, magiging mapanuri at maingat ang panghihiram kung ito man ay hindi maiiwasan.

Sa mga usaping ito iinog ang mahahalagang puntos ng artikulo tungo sa pagpapaliwanag ng isang tatak Filipinong lapit sa pagdadalumat sa disiplinang sosyolohiya. Tatlong magkakaugnay na pasubali ang magsisilbing balangkas at kayarian ng artikulo:

Una, ang panahon ng paghabi ng dalumat ay hindi pa tapos taliwas sa ipinangangalandakan ng ilang sulatin (tingnan si Fukuyama 12). Ang ganitong pananaw ay isang hambog at tipikal na maka-kanluraning pananaw na nagmumungkahing ang pagteteorya lamang ang tanging daan upang pag-aralan ang dinamiko ng lipunan. Sa Pilipinas, maaaring bunsod din ang makitid na kaisipang ito ng mababaw na pagtingin sa pagdadalumat at sa kawalan ng kakayahang tingnan ang pagdadalumat bilang taal na dulugan sa paglikha ng karunungan kung ihahambing sa pagteteorya bilang lapit sa pag-aaral ng lipunan. Samakatuwid, ang pagdadalumat bilang isang katutubong paraan ng pakikipagtalastasan sa Pilipinas ay isang mayabong na kaganapan at may kaakibat na pangakong makapag-ambag sa disiplina ng sosyolohiya.

Pangalawa, ang panghihiram, sa isang pagsipat, ay hindi palatandaan ng kawalan ng kakayanan. Ang panghihiram ay maaring tingnan bilang isang uri ng intelektuwal na pagkamulat (Contreras; David; Ubaldo; mga personal na panayam). Sa diskurso ng

post-kolonyalismo, ang pag-angkin ay isang uri ng kapangyarihan dahil tumutukoy ito sa kakayahang "kaniyahin" (o nakawin) hindi lang ang bagay na hinihiram, kundi maging ang mga kaakibat na pakinabang ng bagay ito. Ang panggagaya (*mimicry*) na isang uri ng panghihiram ay isang kasanayan na may kakaibang pakinabang. Ayon kina Baas, Lopez at Palemeq ang panggagaya ay may kapangyarihang hamunin ang naghaharing diskurso:

> When colonial discourse encourages the colonized subject to 'mimic' the colonizer, by adopting the colonizer's cultural habits, assumptions, institutions and values, the result is never a simple reproduction of those traits. Rather, the result is a 'blurred copy' of the colonizer that can be quite threatening. (12)

Sa madaling salita ang panggagaya ayon kina Baas et. al ay makapangyarihan dahil sa kakayahan nitong lumikha ng "malabong kopya" (*blurred copy*). Taliwas naman ito sa aking palagay. Hindi ba mas di hamak na matikas ang paghamon kung ang nililikhang bersiyon ay isang halos "eksaktong kopya"? Dahil sa ganitong sitwasyon ang kinokopya ay makakaramdam ng kawalan ng saysay dahil ganap na ganap ang panggagaya. Kung gayon, ang kopya(o simulacra) ay kasing halaga ng orihinal. Sa lengguwahe ni Baudrillard: "*It is no longer a question of imitation, nor duplication, nor even parody. It is a question of substituting the signs of the real for the real*" (2). Kung tuuusin, sa konteksto ng panggagaya, pinapalitan ng kopya ang kinokopya (o ang orihinal).

Ayon naman kay Salazar, hindi maiiwasan ang panghihiram ng kataga o parirala na tumutukoy sa kaisipan, kilusang panlipunan, o kaugalian. Subalit dapat "ipaliwanag" ang mga ito sa Filipino sa pamamagitan ng paghahambing o paghahawig. Nagmungkahi si Salazar ng isang "matalino't mahinahong panghihiram, na kailangan ng alinmang wikang buhay upang maging angkop at makasaklaw nang tunay sa laging lumalawak na karanasan ng lipunan" (29). Kung huhugpungan ang suhestiyong ito ni Salazar, masasabi na hindi rin maiiwasan ang manghiram ng konsepto, balangkas o modelo mula sa umiiral na mga banyagang teorya. Subalit malinaw ang posisyon ni Salazar ukol sa tamang lapit sa panghihiram—ang paggamit ng "paghahambing" o "paghahawig," at hindi ang "tumbasan." Katulad ng naunang dalawa, ang pagtutumbas ay nakatuon sa paglalahad ng pagkakahalintulad (*similarities*). Subalit sa pagtutumbas, pinawawalang bisa ang halaga ng pagkakaiba (*uniqueness*) sapagkat itinuturing na patas lamang ang dalawa. Sa ganitong paraan, nilalayong "pantayin" ang halaga at gamit ng pinagtutumbas. Kung gayon, nakakaligtaang linangin ang bigat ng pagkakaiba na siya sanang pagmumulan ng pagpapahalaga sa gamit ng bawat isa. Sa pagtutumbas tila sinasabing ang isa ay maaaring gamitin bilang "kahalili" ng isa. Higit sa lahat, ang pagtutumbas ay nagbubunga ng kawalan ng kakayanang ungkatin ang karanasan

bilang katig sa aktuwal na proseso ng panghihiram (sa mga pagkakataong hindi maiiwasan ang panghihiram).

Sang-ayon ako sa ganitong suhestiyon kung ang pinag-uusapan ay idea, modelo/ balangkas, o di kaya ay praktis na hindi kailanman nagsasangkot ng karanasan, lalo't higit ang karanasan ng nanghihiram. Ang pagdadalumat ay isang proseso na ang pinakamahalagang sangkap ay ang "pagkatao" ng nagdadalumat. Higit sa pisikal na kaanyuan ang pagkatao ay mas lubos na tumutukoy sa pangkalahatang kayarian at integridad ng karanasan na humuhubog sa kabuuan ng isang kamalayan. Sa puntos na ito maaaring timbangin ang kaibahan ng pagteteorya sa pagdadalumat sapagkat ang bunga ng una ay maaaring gayahin (hal. konsepto, modelo at proseso) samantalang ang bunga at kayarian ng huli ay maaari lamang isalarawan (hal. lalim at lawak ng karanasan).

Sa madaling salita, hindi ang ganitong uri ng panghihiram ang aking tinutukoy sa artikulong ito. Marahil ang pagkakahirati sa panghihiram ng teorya ay bunsod ng matagal na panahon ng kolonisasyon, sosyalisasyon at uri ng edukasyon na naging bahagi ng habitus ng mga Filipinong intelektuwal kabilang ang mga lokal na sosyolohista. Subalit sa isang pagtingin, kung karanasan din lamang ang padron ng pagdadalumat, hindi ba't ang mga tila di kaaya-ayang karanasang ito ay mainam na pagsimulan ng paghabi ng mga angkop na dalumat ng mga Filipinong sosyolohista? Samakatuwid, maaaring tingnan ang panghihiram hindi bilang pagkiling sa hulma ng banyagang teorya, kundi bilang isang kasangkapan upang usisain at mabalikan kung ano ang tatak Filipinong uri ng paglilirip. Sa ganitong paraan, ang magiging padron ng pagtataya sa halaga at gamit ng mga konseptong bitbit ng mga banyagang teorya ay ang mismong mga taal na diwa ng kulturang Filipino.

Pangatlo at kaugnay na puntos, ang tatak Filipinong pagdadalumat salig sa ganitong karanasan ay maaaring magpakita ng bago at kakaibang karunungan, hiraya at ulirat na magsisilbing ambag ng mga Filipino sa disiplinang sosyolohiya. Isa sa mga ambag na ito ay ang pagtingin sa disiplina gamit ang lente ng *Pantayong Pananaw* (PP) bilang pinaghuhugutang talastas. Ayon dito, titingnan ang sosyolohiya hindi bilang isang disiplina na nakabatay sa positibismo na ang diin ay ang siyentipikong pamamaraan na umiikot lamang sa pagsusuring positibista. Sa halip, gagamitin ang praktis ng talastasan bilang sama-samang pag-unawa ng panuntunang prinsipyo ng sosyolohiya. Ang konsepto ng *talastasan* ay higit na mabisa kaysa sa konsepto ng diskurso sapagkat layunin ng una na "pinuhin at pahusayin ang paksang pinag-uusapan" kumpara sa diskurso na kung saan ang pag-uusap ay umiikot lamang, at samakatuwid, walang patutunguhan (Navarro, Rodriguez at Villan 1).

## ANG TEKSTO/KONTEKSTO: ANG *THEORIA* AT SIYENSYA

Isang di napag-uusapang palagay ang nagsasabing ang teorya at pagdadalumat ay iisang bagay lamang. Ang ganitong mungkahi ay itinuturing na "common sense" at hindi dapat pagtakahan. Isa sa mga patunay ng pamamayani ng pananaw na ito ay ang paggamit ng mga teorya na kanluranin sa maraming pamantasan at maging sa propesyonal na kalipunan. Ang mga sulating takda (*written requirements*) at pang-akademikong pananaliksik (*academic research*) ay gagad sa paggamit ng mga teorya na habi sa Amerika at Europa. Maging ang matataas na antas na pananaliksik at sulatin ay alipin ng ganitong pananaw at praktis dahil makikita ang walang ingat na panghihiram ng teorya na parang nanghihiram lang sila ng damit o tsinelas. Gaya ng ipapakita ng artikulong ito, ang panghihiram ng teorya, kung hindi man masagwa, ay lubhang kahina-hinala.


Sa isang pagtingin, may mga bagay na maaaring sangguniin sa diskursong sosyolohiya tulad ng katangi-tanging panuntunang prinsipyo (*foundational principles*) nito. Ang palagay na ito ay isang pagkilala sa katotohanan na ang sosyolohiya ay isang disiplina na pormal na ipinanganak sa Europa bunsod ng isang kalagayang pangkasaysayan (ang *Industrial Revolution*) at naglunsad ng mga panuntunang prinsipyo na nagtalaga dito bilang isang bago at kakaibang disiplina hiwalay sa Sikolohiya, Antropolohiya, at Kasaysayan. Ang panghihiram ng mga panuntunang prinsipyo ng sosyolohiya bilang isang dayuhang disiplina ay nananatiling isang malaking usapin sa diskurso ng katutubong pagdadalumat sa Pilipinas. Sa aking palagay, dahil ang disiplinang ito ay ipinanganak sa kanluran, hindi katanggaptanggap na itatwa ang perspektibo ng disiplina ayon sa pagkakatanto ng mga nauna at pangunahing tao na bumuo at nagtatag nito. At isa sa pinakamahalagang panuntunang prinsipyong ito ng sosyolohiya ay nagsasabi na ang kilos ng isang tao at ang ugnayan sa pagitan ng dalawa at nakakarami pang iba ay pinangingibabawan ng mga puwersang higit na malakas at makapangyarihan sa kanilang lahat. Subalit ang kapangyarihang ito na tinawag na puwersang sosyal (*social forces)* ay kagagawan din mismo ng pag-uusap at pagkakasundo sa pagitan nila. Sa puntos ng tatak Filipinong pagdadalumat, hindi sa puwersang sosyal ang tuon ng pananaw; sa halip ang kiling ay nasa sagitsit ng talastasan na siyang nanganganak ng mga puwersang sosyal na ito.

Kung paano lalaruin ang mga panuntunang prinsipyong ito gamit ang katutubong pamamaraan ng talastasan ang magbibigay ng kulay, laman at tatas sa mabubuong dalumat. Ang paglalaro sa mga katutubong konsepto gamit ang sariling karanasan (o karanasang kultural) kung tutuusin ay nakasalig sa kultura at talambuhayng nagdadalumat. Dapat isaalang-alang na maaaring gawing “sanggunian” ang teorya ng kanluran dahil makapagpapalawak ito ng saklaw ng usaping pinag-aaralan at kung

gayon, makapagbibigay ito ng dagdag na kasanayan sa pangkalahatang proseso ng pagsisisyasat. Ang pagsangguni sa mga umiiral na teorya ng disiplina ay bahagi ng kalakaran sa pananaliksik at hindi kailangang tingnan bilang pangingialam ng banyagang kaisipan.

## Ang Teksto Bilang Teorya at Ang Konteksto Bilang Pagdadalumat

Ang pagdadalumat ay isang proseso na may mga panuntunan na kailangang isalang-alang upang masabi na ang bunga nito ay angkop at akma. Kung ako ang tatanungin, isa sa mga panuntunang ito ay ang pagtukoy sa "teksto" at "konteksto" ng talastasan (Krokis 1). Dahil may karaniwang gamit ang dalawang katagang ito sa literatura ng mga agham panlipunan, lalapatan ko sila ng takdang gamit na sasaklaw sa mahahalagang puntos na aking ihahanay sa artikulo. Ang "teksto" bilang teorya ay abstraksyon, samantalangang "konteksto" bilang dalumat ay ang danas at pagpapakahulugan dito. Makakatulong ng malaki ang isang pangkalahatang halimbawa upang masuysoy ang kakiputan ng takdang gamit sa artikulong ito ng mga katagang teksto at konteksto.




Krokis 1. Teksto Kontra Konteksto

Kung nais nating maintindihan ang dahilan ng sigalot sa pagitan ng mga Muslim at Kristiyano sa Pilipinas, kailangan nating tingnan ang "teksto" ng kanilang relasyon—ano ang nangyari noong nakaraan, sino ang mga Muslim/Kristiyano noon at ngayon at ano ang espasyong sosyal na kanilang inookupa at pinagsasaluhan. Upang mapalalim ang pagdadalumat, kinakailangan tingnan o basahin ang "konteksto" ng kanilang relasyon—ano ang mga uri, kalidad at antas ng ugnayan ng mga Muslim at Kristiyano sa ibat't ibang pangyayari, lokasyon at sitwasyon. Tatlong kaso ang maaring gamitin:

Una, ang kasalukuyang umiiral na kasunduan hinggil sa malayang estado (*autonomous status*) ng Muslim Mindanao (pangyayari). Pangalawa ay ang presensya ng Moro Islamic Liberation Front (MILF) bilang elemento ng Muslim Mindanao (pangyayari at sitwasyon). Ang pangatlo ay ang sari-saring *"economic venture"* ng mga Muslim sa maraming lugar sa Kamaynilaan (sitwasyon at lokasyon). Sa mga nabanggit na kaso, mapapansin na may kakayahang baguhin ng konteksto ng relasyon ang anupamang mapang-ibabaw na diskurso (*discursive hegemony*) na maaaring ipataw ng teksto. Samakatuwid, pwedeng gawing "lente" ng teksto ang konteksto dahil may kakayahan ang huli na magbigay hindi lamang ng mas matingkad na suring detalye kundi may kakayahan din itong palakhin ang mga detalyeng di kita sa pangmalakihang pagsipat.

Ang teksto ay hindi lamang tumutukoy sa mga letrang nasusulat (*scribed texts*) kagaya ng tradisyonal na pagtingin at paggamit dito. Sa halip, aking pinalawak ang pakahulugan nito upang yapusin ang iba pang uri ng gamit. Ang teksto ay binubuo ng malawak na basehan gaya ng kultura, heograpiya at kasaysayan katulad ng pangkalahatang halimbawa na nabanggit sa itaas. Sa isang pagtingin, masasabi na ang teorya ay isang uri ng teksto dahil salig ito sa kakaniyahan ng pinagmulang kultura, wika at lipunan. Hinahabi ang teksto gamit ang susong-susong karanasan at tematikong pagsusuri ng mga magkakaugnay at magkakatulad na kaso at asosasyon ng relasyon.

Samakatuwid, ang teksto kung ituturing bilang isang teorya ay may mapanuring pananaw dahil may kakayahan itong tukuyin at siyasatin ang samu't-saring kaganapang panlipunan gamit ang mga pinagbungkos-bungkos na tema, sitwasyon at relasyon. Ang kapangyarihang ito ng teksto bilang isang teorya ay ambag ng malinaw na pagsusulat at sistematikong pag-iingat at paghahayag ng datos. At dahil dito, ang teksto bilang isang teorya ay may kakaibang antas na abstraksyon at maaaring gamitin upang magpaliwanag ng samu't-saring kaso at maghayag ng mga prediksyon.

Ang konteksto naman ay tumutukoy sa wika ng aksyon. Sa diskurso ng postmodernismo, ang konteksto ay isang uri ng binabasang teksto (*readable texts*). Ang ganitong uri ng binabasang teksto ay kalimitang binubuo ng mga estrukturang panlipunan tulad ng interaksyon, sitwasyon, at institusyon. Dahil dito, ang mga ito

ay ginagabayan ng mga alituntunin at pasubali na sinusunod sa umiiral na kultura. Sa isang pagsipat, masasabing ang mananaliksik ay isang uri ng konteksto sapagkat sa kaniyang pagsusulat dala-dala niya ang bigat ng kaniyang karanasan. Ang kahulugan ng mga datos na kaniyang kinalap ay lalapatan niya sa pagkakataong ito ng "pagpapaunawa" na lampas sa dati, pangkaraniwan at inaasahang kahulugan ng mga datos na ito (Erasga 53-54).

Ang konteksto ay maihahalintulad sa mismong proseso ng pagdadalumat. Sa Pilipinas, ang pagdadalumat bilang danas o malay ay nagsisimula sa talang-saysay ng may-akda. Ang karanasan ang pinakamabisang sangkap ng talang-saysay dahil napapaloob dito ang serye ng relasyon at interaksyon na pinagdaanan ng indibidwal kasangkot ang iniinugang kasaysayan. Dito siya natutong makinig, pakinggan, at magnilay. Gamit ang pagninilay na ito, may karapatan siyang angkinin ang mga kahulugan ng bawat karanasan (kaaya-aya man o hindi) at lapatan ang mga ito ng karampatang pagpapaunawa.

Samakatuwid, kinakailangang maingat na timplahin ang paggamit ng teksto at konteksto sa anumang tangka ng pagsisiyasat sa sosyolohiya. Lalo at higit ang pag-iingat na dapat gawin kung manghihiram ng teorya dahil sa panghihiram tanging ang teksto lamang ang binigyan ng pansin at bigat sa pagsusuri ng isang katutubong kaganapan. Sa panghihiram din, ang konteksto na maaaring magbigay sana ng matingkad at malinaw na punto-de-bista, ay naisasantabi. Gaya ng nabanggit, ang labis na paggamit ng teksto (o ang pikit-matang panghihiram ng teorya) ay tipikal na sakit ng maraming tangka ng pagsisiyasat sa sosyolohiya sa bansa.

## Ang *Theoria* at ang Siyensya

Ang paglipat mula sa pagteteorya patungong pagdadalumat o ang paglapat ng pananaw mula sa teksto patungong konteksto ay kataka-takang kahalintulad ng ebolusyon ng praktis ng *theoria* na nagsimula sa mga Griyego hanggang sa pagkakasilang ng siyensya noong ika-16 na siglo sa Europa. Para sa mga Griyego, ang pagdadalumat ay isang praktis na tinatawag nilang *theoria*. Ang *theoros* ay isang maglalakbay. Naglilibot siya sa iba't-ibang lugar, manonood ng mga kaganapan, at maghahabi ng sariling ulat tungkol sa mga bagay na kaniyang nasaksihan (*wondering*) at naranasan sa kaniyang paggagala at paglilibot (*wandering*) (Nightingale 32). Ang *theoros* ay hindi bahagi ng nakaluklok na kapangyarihan, bagkus siya ay isang malayang mamamayan ng Polis (Nightingale 41-44). Dahil dito ang sariling ulat ay walang gamit o silbi kundi ang pansariling kasiyahan at kalinangan ng may-akda.[1] Ganito ang pahiwatig ni Nightingale, eksperto sa sulating Griyego tungkol sa praxis ng *theoria*:

> According to Plato, the philosopher is altered and transformed by the journey of theoria and the activity of contemplation. He thus "returns" as a sort of stranger to his own kind, bringing a radical alterity into the city. When the philosopher goes back to the social realm, he remains detached from worldly goods and values even when he is acting in the world. Even in the ideal city, the philosopher is marked by detachment and alterity—he possesses a divine perspective that is foreign to the ordinary man. This peculiar combination of detachment and engagement allows the Platonic theorist to perform on the social stage in a fashion that is impartial, just, and virtuous. (5)

Samakatuwid, ang paggagala at paggagalugad na ginagawa ng *theoros* ay maitututring na "pananaliksik" sa konteksto at praktis ng mga Griyego. Lamang, hindi ang laman (*content*) ng kaniyang pananaliksik ang itinuturing na puso at kaluluwa ng kaniyang *theoria* kundi ang kalidad (*quality*) ng atityud at pananaw na kaniyang nalinang bunsod ng kaniyang karanasan. Ang kakaibang tambalan na ito ng magkasabay na lapit (*engagement*) at layo (*detachment*) ng kaniyang pananaw ang nagbibigay sa *theoros* ng karapatan upang maging mahalagang kasapi ng lipunang Griyego (polis).

Nagbago ang kalakaran tungkol sa *theoria* sa pagkakabuo ng siyensya (science) noong ika-16 siglo (Zima 48). Bunsod ng mga sunod-sunod na interes at katanungan tungkol sa kayarian ng mundo at kalikasan, ang pananaliksik na dating ayon sa panuntunan ng praktis ng theoria ng mga Griyego ay unti-unting kumiling sa pagkalap ng katibayan na di mapapasubalian. Ang huli ay mga katunayang nakikita at maaaring patunayan. Ang pagdadalumat (o praktis ng *theoria*) ay nilapatan ng ekslusibong panuntunan gamit ang sa ngayon ay tinatawag na *"scientific method."* Ang siyentipikong pamamaraan ay nangangailangan ng lehitimong katunayan mula sa eksperimentasyon (experimentation) na kung saan kinakalap at nalilikha ang empirikal na ebidensya (o ebidensyang nasusukat). Ang eksperimento ay naging hudyat ng pagbabago ng pananaw tungkol sa kapani-paniwalang katunayan na siyang magiging hulmahan ng kapangyarihan ng teorya (Suppe S108).

Ang sosyolohiya ay di naging ligtas sa kaganapang ito. Sa kasaysayan ng sosyolohiya sa Amerika ang paghahari ng siyentipikong pananaw sa pag-aaral ng lipunan ay inilunsad ng *"theory construction movement"* na pinasinayaan ng pagkakalathala ng mga aklat nina Hans Zetterberg—*On Theory and Venfication in Sociology* (1954) at ng 1957 limbag ng *Social Theory and Social Structure* ni Robert Merton (Zhao 307). Ang kanilang mga aklat ang naging manipesto ng kilusan at walang takot na nagmungkahi sa paggamit ng mga prinsipyo at metodo ng agham pampisikal para gamitin sa pag-aaral ng lipunan. Ang kilusan ang naglunsad ng siyentipikong

sosyolohiya at sila ay namayani sa loob ng halos tatlong dekada simula noong 1950s hanggang 1980s. Subalit di naglaon, unti-unting humina ang sigla ng kilusan dahil nabigo silang makalap ang tinaguriang pangkalahatan at siyentipikong batas ng lipunan. Paliwanag ni Zhao:

> Failure of the movement is attributable to two main factors: (1) ontologically, it was unwise to assume the existence of gravitational laws of society and their obtainability; and (2) methodologically,it was a mistake to advocate only the verificational approach to theory construction. The belief that the formalized verificational approach would lead to the discovery of general scientific laws of society effectively killed the movement after repeated failure to realize it. (317)

Nabuwag ang theory construction movement dahil sa pagkabigo nilang tuntunin ang siyentipikong batas na gumagabay sa pagkilos sa lipunan. Ang pagkabigong ito ay dulot ng pananaw na ang pagkalap ng katunayan ang tanging daan upang makalikha ng katanggap-tanggap na teorya/paliwanag ng lipunan. Isang napapanahong aral ang matutunan sa karanasan ng kilusang theory construction sa sosyolohiya: ang bigat ng siyentipikong panuntunan ang naging dahilan kung bakit lubhang "makipot" ang daang pagdadalumat sa mga sitwasyong walang pigil ang siyensya.

Ganun pa man, nakakalubag-loob na malaman na ang mga sitwasyong ito ngayon ang binibigyang pansin ng mga kasalukuyang entrada sa dayuhang pagteteorya tulad ng *feminism, postmodernism* at *poststructuralism*. Bagama't iba-iba ang diin at pokus kung paano gagawin, ang mga nabanggit na "ism" ay nagtatangkang gumawa ng isang gitnang-daan upang ibalik ang konsepto ng *theoria* bilang praktis na nakaangkla sa konteksto ng relasyon at kalidad ng pananaw. Sa ganitong pagtatangka, hinahamon ng mga "ism" na ito ang konsepto ng ebidensya, ano ang lehitimong ebidensya, at ang mga karampatang gamit nito (o kung kailan sila dapat at di dapat gamitin). Sa ganitong pagtatangka rin maaaring makapag-ambag ang mga Filipinong sosyolohista. Salig sa mga katutubong kapamaraanan, sikolohiya at tradisyon, may kakayahan silang makabuo ng mga dalumat na angkop at mula sa karanasan at kamalayang Filipino. Ang pagdadalumat kung gayon ay hindi isang "pilit na pagtatangka" na ginagawa upang siyasatin ang lipunan. Sa halip, isa itong "likas na kakayahan" upang lasapin (at di lang unawain) ang kalagayan ng ugnayang kapwa-tao. Ang pagiging taal ng pagdadalumat bilang isang kakayahan sa kultura ng mga Filipino ay siya marahil tatak ng kakaibang panuntunan ng pag-unawa sa kaganapan sa Filipinong lipunan.

## Teorya Kontra Dalumat: Usapin ng Pamantayan, Katunayan at Pakinabang

Sa pagkakataong ito, mainam na tumbukin ang pagkakaiba ng teorya sa dalumat. Ang paghahambing na gagawin ay walang bahid ng pagtutumbas salig sa pasubaling isiniwalat sa unang bahagi ng artikulo. Samakatuwid, hindi tatayain ang bigat (o halaga) ng isa "laban" sa isa. Bagkus, ipapakita ang kaukulang gamit ng isa ng walang pagbabatikos o pagmamaliit sa natira. Babalangkasin sa paghahambing ang apat na lapiang pamantayan. At upang higit na bigyan ng diin ang paghahambing, idudulog ang usapin ng katibayan na masasabing "puso" ng positibistang pagteteorya kumpara sa pakinabang ng dalumat na siya namang "kaluluwa" ng pagdadalumat.

Gaya ng nabanggit sa itaas, may apat na lapiang pamantayan na maaaring gamitin upang tayain ang gamit ng teorya at dalumat. Ang mga ito ay binubuo ng (i) sukatan, (ii) laman, (iii) antas, at (iv) agwat. Ang sukatan ay tumutukoy sa halaga ng gamit ng bawat isa. Ang laman ay tumutukoy sa pinagbabatayang usapin samantalang ang sipat ay tumutukoy sa antas ng pagkasangkapan sa kaisipan. Ang agwat ay tumutukoy sa relasyon ng katauhan sa proseso ng pagbubuo ng teorya/dalumat. Ang hanayang nasa ibaba ay naglalaman ng piling puntos na halaw sa Krokis 1 sa pahina 6.

Hindi maikakaila na ang pagdadalumat at pagteteorya sa sosyolohiya ay kapwa may pagnanais na usisain ang kahulugan ng panlipunang pagkilos. Katulad ng naunang nabanggit ang bawat isa ay may karampatang pamantayan na tiyak, lamang magkaiba sila ng lapit at metodo ng pagsasakatuparan. Sa pagkakataong ito, dalawang magkaugnay na puntos ang nais kong bigyan ng pansin: (i) ang usapin hinggil sa pangangailangan ng katunayan at (ii) ang usapin hinggil sa dahilan ng pagteteorya/pagdadalumat.

**Hanayan 1. Paghahambing ng Teorya at Dalumat**

| Pamantayan | Teorya | Dalumat |
|---|---|---|
| **Sukatan** | Nakatutok sa katunayan na nagmumula sa bisa at galing ng metodong ginamit sa paglakap ng datos. | Nakatuon sa pakinabang na dulot ng sama-sama at lalim ng pagkakaunawa ng konseptong tinatalastas. |
| **Laman** | Naglalaman ng samu't-saring tema at asosasyon ng konsepto. | Naglalaman ng karanasan at relasyon ng mga karanasan. |
| **Antas** | Mataas at abstrak. May layuning maglagom ng mga konsepto batay sa mga temang binuo. | Malalim at konkreto. May layuning magbuo ng ugnayan ng mga karanasang tinatalakay at inuungkat. |
| **Agwat** | Inihihiwalay ng nagteteorya ang kaniyang personal na damdamin sa pagbuo ng teorya. | Isinasangkot ng nagdadalumat ang kaniyang karanasan sa pag-unawa at pagbuo ng karunungan. |

Sa usapin ng pangangailangan ng katibayan, hindi makatuwiran ang sabihin na kapos ang pagdadalumat sa paglalabas ng empirikal na katunayan. Ang isyu ng sukatan bilang tatag ng dalumat ay nauna nang tinalakay sa Sikolohiyang Filipino. Pansinin ang buod ng sumbong nina Church at Katigbak sa kanilang paglalagom ng kasalukuyang kalagayan ng katutubong pagdadalumat (sa sikolohiya):

> ... we would have to conclude that theory development in Philippine psychology has been minimal. Existing "theories" are narrow in scope, only partially specified, and their heuristic value in generating verifiable predictions is unclear. Theoretical development has proceeded only to the point of specifying constructs and their interrelationships, and these efforts have been largely conceptual rather than linked to empirical data. (6)

Halaw sa itaas, may tatlong kakulangan sa pagbubuo ng teorya sa sikolohiya sa bansa: ang una ay hinggil sa mababaw na saklaw, pangalawa ay ang di malinaw na kakayahang magpahiwatig, at ang pangatlo ay ang pagkapako sa pagbubuo ng mga konsepto ng walang kaukulang katunayan.  Sa pangkalahatan, ang mga kakulangang nabanggit ay bunsod ng kakapusan sa kakayahang lumakap ng empirikal na katunayan.

Ang mga ganitong kakulangan ay di mapapasubalian  kung ang proseso na inuurirat ay ang pagteteorya. Subalit ang mga kakulangang ito ay hindi makatuwirang uriratin kung ang larangang pinagbabatayan ay ang pagdadalumat. Sa katutubong talastasan ang sukatan ay hindi eksklusibong tumutukoy sa nakikita at nabibilang na katibayan. Sa halip, ang pinagbabatayang sukatan ay ang mga bagay na "nararamdaman" at "ipinararamdam" — mga saloobin, damdamin, hinagap, kutob at kilos, na kung hindi man angkop, ay masagwang lapatan ng tiyak at binibilang na pamantayan—lalo at higit kung ang pamantayang gagamitin ay pamantayang metodo na salig sa siyentipikong pamamaraan.

Ang konsepto ng empirikal na katunayan, kung mayroon man, ay hindi angkop na panununtunan sa katutubong pagdadalumat. Halaw sa salitang-ugat na dalumat ang gawaing ito ay maihahalintulad sa isang makasariling / pansariling paglalakbay sa mundo ng karanasan. Ang dalumat(o dalomat) ay halaw sa salitang Tagalog na may tatlong orihinal na kahulugan: magdusa (Sp. *sufrir*) at magbuo (Sp. *componer cosa destruida*) (Noceda at Sanlucar 102). Si Nigg (18) ay nagdagdag ng isa pang kahulugan—dalumatin—na ang katumbas na salita ay *aliwin*—(*aid in comfort*). Ang kasalukuyang kahulugan nito ay tumutukoy sa isang "malalim na pag-iisip"(*deep thought*) at "muling pagbubuo ng isang alaala" (*to reconstruct one's own memory*).  Sa madaling salita ang pagdadalumat ay ang pagdudugtong-dugtong ng mga marubdob na karanasan gamit ang  alaala upang humabi ng hinahanap na kahulugan ng buhay.

Kung ganoon, ang katunayan ay hindi maaaring kunin kung saan pa man, bagkus ito ay maaari lamang hanguin sa kahulugan at lalim ng karanasang isinisiwalat at nililinang. Ang panukat, kung mayroon man, ay walang iba kundi ang mga kahalintulad na karanasan at maaari lamang isalarawan at namnamin—hindi ang binutil-butil o pinira-pirasong detalye na kinakalap gaya ng kaugalian sa siyentipikong pagteteorya. Samakatuwid, sa Filipinong lapit ang pagdadalumat ay isang eksplorasyon sa wika ng diwa ng karanasan. Ayon nga kay Nuncio:

> …ibig sabihin dahil sa imahinasyon, tagakatha't tagasuri siya sa pagdadalumat. Hindi lamang textual ito bagkus, visual din ang saklaw ng pagdadalumat. Visual din naman ang ipinapahiwatig ng teorya ngunit palabas ito, nakatanaw ito. Sa dalumat, sasabihin kong, internal ito't nasasakop na ang pagtanaw sa labas, dahil hiniharaya na ito sa kognitibong pagtakbo ng isip, sa loob, sa ating kamalayan. (n.p.)

Mapapansing ang paglalarawang ito ng dalumat ay halos kahalintulad sa praktis ng *theoria* ng mga Griyego na nabanggit sa unang bahagi ng artikulo. Subalit kung ako ang tatanungin, masasabi ko na iba pa rin ang dalumat sa teorya kung ang banyagang gamit ng huli ang sasangguniin. Inihudyat ni Nuncio sa kaniyang panayam ang isa sa mga dahilan kung bakit hindi sila magkatumbas na konsepto. Aniya:

> Kung susuriin natin ang teorya batay sa etymology nito nakatutok lamang ito tulad ng dalumat sa paglilirip o abstraktong konseptwalisasyon. Ikalawa, ipinipahiwatig nito ang distansiya ng teorista bilang tagamasid, tagatanghod, tagasipat. Subalit, wala rito ang kapangyarihan ng haraya at paghihiraya na nakasahog sa konotasyon ng salitang dalumat. (n.p.)

Sa bisa ng pahayag na ito ni Nuncio, malinaw na hindi kailangang pagtumbasin ang dalawang konsepto bilang lapit sa pag-unawa ng kilos at kultura dahil magkaiba ang kanilang gamit at proseso sa pagkasangkapan sa karanasan bilang pangunahing sangkap ng pag-aaral. Kahit magkahalintulad ang kanilang *"unit of analysis"* (i.e. karanasan), lubhang magkaiba ang kanilang disenyo sa pagpapahalaga dito.

Pangalawa, maaari ding kuwestyunin ang dahilan kung bakit ginagawa ang pagdadalumat sapagkat ang sagot sa katanungang ito ang makakapagbigay ng kaukulang pamantayan na maaaring gamitin ng praktis na ito. Sa aking palagay, kung gamit din lamang ang pag-uusapan, dito ganap ang paghihiwalay ng pagteteorya sa kanluran at pagdadalumat sa Pilipinas. Upang tuntunin ang hiwalayang ito, pansinin ang mga sumusunod na muni-muni ni Sta. Maria tungkol sa kahinaan ng siyentipikong lapit sa pag-aaral ng kapwa sa Pilipinas at sa kawalan ng sukatan nito. Aniya:

> … conceptions of kapwa have relied heavily on "speculations" and "unsystematic interpretations of the concept rather than on research regarding how the concept is used in everyday language and observed in everyday experience". (110)

Higit sa pagdidiin ng pangingibabaw ng siyentipikong pananaw sa pag-unawa ng konsepto ng kapwa ipinahihiwatig ng sentimyento ni Sta. Maria na katanggap-tangap lamang ang bunga ng pag-unawa sa konsepto ng kapwa kung ang pag-aaral dito ay nakasalig sa gawain ng "pananaliksik." Kung tatanggapin ang argumento ng kaniyang sapantaha, para na rin nating inaamin na ang pananaliksik (sa konteksto ng siyensya) ang "tangi at huling dahilan" kung bakit sinusuri ang kilos at ugnayang pakikipagkapwa sa pangkalahatang agham panlipunan sa Pilipinas. Sa aking palagay naman, ang pananaliksik ay isa lamang sa maraming dahilan kung bakit natin ninanais unawain ang ugnayan sa pagitan ng kapwa-tao sa pangkalahatang konteksto ng agham panlipunan lalo at higit sa punto-de-vista ng sosyolohiya. Kung tutuusin, ang pananaliksik ay isang kahina-hinalang praktis na sangkot sa gawain ng panunupil sa pagkilos at pag-iisip at sa pangkalahatang ugnayan ng tao (Foucault 239-264). Ang pananaliksik ay isang instrumento na naglalayong sugpuin ang pagsulpot ng mga konseptong di ka-ayon ng naghaharing diskurso. Higit dito, ang pananaliksik ay may kapangyarihang "patagin" ang lahat ng posibleng pagpapaunawa sa mga konseptong binigyan ng layang sumulpot. Sa madaling salita, pinakikipot ng pananaliksik ang daan tungo sa pagnamnam ng karunungan mula sa katas ng karanasan.

Kabalintunaan ito sa sitwasyon sa Pilipinas na kung saan ang pagdadalumat ay bunsod ng mas higit na pangangailangan ng pagpapayaman ng mga konsepto at hindi para "sukatin" at "hanapan ng katunayan" sa konteksto ng pananaliksik. Ang higit na pagpapayabong sa mga katutubong konsepto ay senyales ng umuusbong na pananaw hinggil sa kakaibang dinamiko ng pagkilos sa Pilipinas. Ang ispekulasyon at di sistematikong paraan ng paghahanay ng ebidensya, sa aking palagay, ay hindi dapat tingnan bilang indikasyon ng kababawan ng lapit sa pag-aaral ng kapwa sa Pilipinas. Bagkus, dapat pa nga itong maging pangunahing agenda ng mga pagsusuri sa pag-aaral ng metodo sa agham panlipunan sa Pilipinas gamit ang mga katanungang tulad ng sumusunod:

(i) Bakit mas malimit at tila mas angkop ang ganitong uri ng mga dulog sa pag-aaral ng mga konseptong sangkot sa pagsusuri ng ugnayang sosyal ng mga Filipino?

(ii) Anong praktikal na pakinabang mayroon ang ganitong mga uri ng lapit sa pag-aaral ng talastasan sa Pilipinas?

(iii) Ano ang relasyon ng "mababaw" na lapit na ito sa gayak Filipinong talastasan?

(iv) Anong mayroon sa mga katutubong konsepto (hal. kapwa) na maaari lamang lapatan ng ganitong uri ng kapamaraanan?

(v) Paano nabibigyan ng angkop na atensyon ang mga katutubong konsepto at praktis sa Pilipinas gamit ang "mababaw" na lapit na ito?

## PAKIRAMDAMAN: MGA SALIG AT BATAYAN NG FILIPINONG PAGKILOS

Malinaw na sa kulturang Filipino, ang pagdadalumat ay may katangiang hindi lubos na lapat sa praktis ng mga Griyego tungkol sa *theoria* at sa makipot na panuntunan ng siyensya. Ganunpaman, hindi makatarungan na sabihin kaagad-agad na walang bisa o mababaw ang tatak Filipinong pagdadalumat. Una, ang Filipinong pagdadalumat ay hindi isang walang saysay na paggagalugad at paglilibot o hungkag na pakikipagkuwentuhan lamang. Sa ibang salita, mayroon itong "praktikal na pakinabang." Sa konteksto ng siyensya, ang uri ng ebidensya at kung paano kinukuha/binubuo ang mga ebidensyang ito ay malayo sa empirikal na pamantayan ng pamamaraang siyentipiko. Subalit kataka-takang makabuluhan at angkop ang mga hinuhong nakukuha sa pagsusuri ng mga pagdadalumat na ito tulad ng ipinakitang pakinabang ng *Pantayong Pananaw* (sa Kasaysayan) at *Sikolohiyang Pilipino* (sa Sikolohiya).

Kung ganoon, maaari ding tayain ang kapangyarihan ng pagdadalumat sa pamamagitan ng kapaki-pakinabang na patotoo nito at hindi lamang dahil sa galing ng metodo o sa dami at tibay ng empirikal na katunayan. Sa ibang salita, ang bisa ng tatak-Filipinong pagdadalumat ay nakasalig sa "pakinabang" higit sa "katunayan"; ang metodo ay kailangang sumunod sa ebidensya at hindi ang ebidensya sa metodo. Sa ganitong taktika, ang pagdadalumat sa Filipinong pamamaraan ay masasabing isang kahalintulad na uri ng pagdadalumat higit at bukod sa praktis ng *theoria* ng mga Griyego at sa siyentipikong pananaw.

Nais kong magmungkahi ng isang dulog sa pagdadalumat sa sosyolohiya na nagsasaalang-alang ng mga usaping nabanggit. Masasabing ito ay isang "sangkalarawan"[2] dahil hindi ito tahakang magbibigay ng isang ganap na dalumat. Sa halip, sisiyasatin nito ang mga sangkap ng "wika ng ugnayan at pagkilos" sa Pilipinas. Sa pagsisiyasat, tatangkaing isaalang-alang ang mga puwersang panlipunan na nagsisilbing impluwensya sa pagsasakatuparan ng sosyal na pagkilos ng mga Filipino.

Samakatuwid, gagamitin ng sangkalarawang ito ang pagpapahalagang kultural (*cultural values*) bilang saligan ng pagpapaliwanag ng Filipinong kilos.

Dahil sa kakapusan ng tiyak na pantukoy tatawagin ko itong pakiramdaman. Salig sa salitang-ugat na "ramdam", ninanais ipakita ng sangkalarawan na maaaring tapatan ng pagdadalumat sa Pilipinas ang siyentipikong pamamaraan sa pagkalap ng nakikitang datos. Kapag nakikiramdam ang isang Filipino, gamit niya ang limang pandamdam—pantingin, panlasa, pang-amoy, pandinig at pangdama. Gamit din niya ang sariling karanasan upang gawing padron sa pagkalap at pagtataya ng mga pahiwatig na makukuha mula sa limang pandamdam.

Ang "paki" sa salitang pakiramdaman ay naghuhudyat ng presensya ng ibang tao sa pagsasaayos ng sarili. Hindi lang dapat tingnan bilang panghihimasok, katumbas din ito ng pagpapasintabi o kilos na may pagpapaalam o kilos na may sangkap ng pagsuyo (halimbawa: paki+suyo, paki+usap). Pansinin na ang pangkalahatang oryentasyon ng mga salitang may unlaping "paki" ay [paki]kitungo sa ibang tao.Ito ay palaging may sangkap ng pagsasaalang-alang sa pag-unawa ng inuusisang ugnayan. Sa ibang salita, ang pagkilos ay laging nakaangkla sa relasyon ng sarili sa iba. Subalit taliwas sa pangkaraniwang tangkilik sa ugnayang ito, sa pakiramdamang inuungkat ng artikulong ito, hindi tinitingnan ang ugnayang "sarili sa kapwa"; bagkus tinitingnan ang "pagtatagop"(overlap) ng kapwa at sarili. Sa ganitong sitwasyon, ang pagtataya sa kilos ng iba ay may kalakip na pagtatantiya sa pagkilos gamit ang sariling disposisyon. Kapag nakikiramdam ang isang Filipino, una niyang ihahanay ang mga bagay na gusto niyang makita sa iba o katulad ng sa iba. Sa pagkakataong tila kapos ang kaniyang hinahanap na hudyat doon siya magtatantiya ng susunod na hakbang.

Sa idyom ng siyensya ang pakiramdaman ay maituturing na malapit sa konsepto ng pagmamasid (observation). Subalit sa aking palagay, hindi maaaring ihalintulad na pagmamasid lamang ang Filipinong pakikiramdam dahil ginagawa ang pakiramdaman bilang giya sa pakikisalamuha at pakikipag-ugnayan sa pang-araw-araw na pagkilos. Katulad ng nabanggit sa itaas, higit sa pagmamasid na siyang pinakamalapit na salitang katumbas, ang pakiramdaman ay may sangkap ng pagtatantiya. Sa diskursong siyentipiko ang obserbasyon ay isang mababaw na pamamaraan ng pagkuha ng datos.

Kung tutuusin, mas malapit pa nga ang pakiramdaman sa metodong eksperimental. Ngunit higit sa experimento, mapapansin na ang pakiramdaman ay hindi ginagawa para kumuha lamang ng datos. Sa halip, ginagawa ang pakiramdaman upang kumuha at maghatid ng mga pahiwatig. Kung gayon, sa pakiramdaman naghahanay ang isang Filipino ng ibat-ibang uri ng alternatibo batay sa mga pahiwatig na pinoproseso. Gamit ang pahiwatig, titimbangin ng isang Filipino ang mga pagpipilian na maaari

niyang kalapin at doon niya ibabatay ang kaniyang ikikilos. Sa madaling salita ang pakiramdaman ay isang mapanghimasok na pamamaraan na may *interactional affordance* at hindi *methodological relevance*.

Ang pakiramdaman ay may kataka-takang pagkakahalintulad sa konsepto ng "self" (sarili) ni George Herbert Mead (174-178).[3] Sa kaniyang pagsasalarawan ng self, binigyang diin ni Mead ang konsepto ng "I" at ng "Me" na kung isasalin sa Filipino ay may iisang kahulugan— "Ako." Ang I ang nagbubunsod ng interaksyon (*active part, the originator of an action*) at ang *Me* naman ang tumatanggap ng aksyon (*the passive part and receiver of an action*). Subalit nababaliktad ang kanilang orientasyon sa pagsulong ng interaksyon—ang *I* ay nagiging *Me*, samantalang ang *M*e ay nagiging *I*. Sa aking pagkakaunawa ng ganitong dinamiko ng dalawa, masasabi na ang *I* at *Me* ay isang dualistikong kabuuan at di maaaring matagpuan sa isang indibidwal lamang kundi sa kalipunan ng maraming indibidwal.

Halimbawa, kapag sinigawan ko ang isang estudyante sa kalagitnaan ng aking lektyur at sinabihan ko siyang isang bobo, makakasiguro ako na may ilang uri ng reaksyon na manggagaling sa kaniya. Kapag umiyak siya at nagsabing isusuplong niya ako sa pamunuan ng pamantasan dahil sa pagmamalabis sa paggamit ng aking kapangyarihan, maaari akong matakot at ang takot na iyon ang magiging dahilan para baguhin ko ang aking pakikitungo sa kaniya sa oras ding iyon at humingi ng paumanhin kinalaunan. Mapapansin na ang aking pagsigaw ng bobo ay ang *I* sa akin at ang pag-iyak ng istudyante ay ang *Me* sa kaniya. Pansinin na ang kaniyang pag-iyak at banta ng pagsusuplong ay naging *I* dahil naging dahilan ito ng paghingi ko ng ora mismong paumanhin (*Me*). Ang pagpapalit ng *I* at *Me* ay isang dinamikong proseso ng karaniwang interaksyon sa pang-araw-araw na sitwasyon.

Ang pakiramdaman ay masasabing kahambing na konsepto ng *I/Me* ni Mead dahil maaari itong gamiting basehan ng oryentasyon ng interaksyon. Subalit higit sa *I/Me*, ang pakiramdaman ay may kakayahang sundan kung paano magpapalit ang *I/Me* sa isang sitwasyon. Sa ibang salita, kayang ipaliwanag ng pakiramdaman ang tantiyahan ng mga taong sangkot sa interaksyon. Sa pagtatantiya, makikita ang kakaibang konsepto ng sosyal sa Pilipinas na nakaangkla sa konsepto ng kapwa. Lamang, sa puntos ni Mead (at ng kulturang kaniyang kinabibilangan), ang pagtatantiyang ito sa relasyong *I/Me* ay isang "mekanikal" na hugpungan ng interaksyon. Sa ibang salita, may pagkakataong di uubra ang ganitong uri ng palitan ng *I/Me* depende sa sitwasyong kinasasangkutan. O hindi kaya ay may mga uri ng pagkilos na hindi maaaring basahin bilang palitan ng *I/Me*. Samantalang sa Pilipinas, ang pagiging kapwa ay nagsisimula at taal na katangiang ugnayan. Lahat ng pagkilos sa lahat ng sitwasyon ay masasabing na-uugat sa kapwa.

Sa halip na *I/Me,* hindi ba mas angkop ang "ako" at "tayo" dahil nakatuon ang paninimbang sa aktuwal na tao at aktuwal na sitwasyon. Sa lenggwahe ng *symbolic interactionism* ang pagtitimbang na ito ay katumbas ng "*putting one's self in someone else's shoes*". Gayunpaman, hindi angkop ang ganitong kaisipan sa Pilipinas. Sa halip na kusang gawin ang paglalagay ng sarili sa sitwasyon ng iba, gaya ng iminumungkahi ng *symbolic interactionism*, tinitimbang ng isang Filipino kung may iba pang opsiyon na puwedeng gawin bukod dito. Kung gayon, masasabi na ang mga Filipino ay kumikilos ayon sa ngayon (*living at the moment*) at hindi nakatanaw sa kasalukuyan o sa bukas.

Mahalaga ang implikasyon ng hinuhang ito dahil ito sa aking palagay ang pinaka tanging batayan ng tatak Filipinong sosyolohiya. Kapag nakikiramdam ang isang Filipino, ang daloy ng kaniyang paghuhusga ay sa "dito at ngayon" (*here and now*) at hindi sa kasalukuyan at lalong hindi sa malayong hinaharap. Bukod dito, sa pakiramdaman ang pansin ay higit na nakatuon sa aktuwal na kapwa na sangkot sa kasalukuyang sitwasyon. Sa kanluraning perspektibo, maaari itong husgahan bilang isang makipot at mababaw na oryentasyon ng pagkilos at paghuhusga. Subalit sa konteksto ng pakikipagkapwa sa Pilipinas, isa itong makapangyarihan at kapaki-pakinabang na daloy ng pagkilos at pag-iisip (Pe-Pua 50-51; Javier 20).

Maraming kasanayan at kaugalian na likas sa mga Filipino ang maaaring ipaliwanag ng "makipot at mababaw" na pananaw na ito. Nais kong baligtarin ang paraan ng presentasyon. Sa halip na tukuyin bilang panimula ang mga sukatan at piling batayan ng pakiramdaman bilang tatak Filipinong lapit sa pagdadalumat sa sosyolohiya, minarapat kong unahin ang mga piling halimbawa at isusunod ang mga prinsipyong iniinugan nila.

*Bahala Na.* "bahala na" (Tag lit. *Bathala na*). Salungat sa karaniwang pagpapaunawa, ang "bahala na" ay hindi isang uri ng fatalismo. Sa halip, isa itong uri ng pagkilos na nakaugat sa paningin sa ngayon (de Guia 86). Gagawin ng isang Filipino ang kaniyang magagawa bilang paghahanda at ipagpasa-Diyos kung ano man ang mangyayari, kung ano man ang kakulangan ng kaniyang paghahanda. Hindi ito isang "pikit-matang pagtatalaga" ng kahihinatnan ng isang pagkilos. Bagkus, isa itong "mulat na pagtatantiya" kung ano ang dapat gawin at kung ano ang dapat italaga sa Maykapal.

*Pangamba.* Sa panahon ng kalamidad, masasabi na matigas ang ulo ng mga Filipino. Hindi sila "nakikinig" o "marunong makinig" sa mga pasubaling lathalain ng PAGASA tungkol sa inaasahang kalagayan ng panahon. Kaakibat ang mga nakaraang karanasan sa kalamidad, makikiramdam ang isang Filipino at ang kaniyang sambahayan sa ikikilos ng ibang kasamahan sa nayon at base sa pakikiramdam na iyon gagawin niya ang paghuhusga kung lilikas sa ibang lugar o mananatili sa kinatatayuan. Ang konsepto


nila ng *risk*[4] (kung mayroon man) ay hindi panganib kung hindi pangamba (Erasga 2) Ang huli ay binubuo ng pinaghalong salita na panganib at amba na kung tutuusin ay isang pananaw na nakatuon nang higit sa amba ng posibleng panganib. Samakatuwid, ang kaniyang pananaw ay hindi nakatuon sa "darating" na panganib, bagkos ito ay nakatuon sa aktwal na sitwasyon "mapanganib man o hindi."

*Giliw*. Ang "*Filipino hospitality*" ay isang ugaling tatak na raw ng mga Filipino. Gagawin ng isang Filipino ang lahat upang maging masaya at komportable ang kaniyang mga panauhin (kaibigan man o hindi) sa panahon ng kanilang pagsasama-sama. Ang giliw lalo't higit sa mga kakilala ay dahil sa kasiyahan ng pakikisama at hindi dahil may pakinabang na inaasahang matatamo. Sa ganitong pananaw, salungat ang konsepto ng pakiramdaman sa "*social exchange theory*"- isa sa klasikong teorya sa sosyolohiya. Sinasabi ng teoryang ito na ang kilos at pagkilos ay bunsod ng inaasahang kapalit . Sa pakiramdaman ang pagiging kapwa sa mismong oras ng pagsasama-sama o panahon ng pagdalaw ang dahilan ng giliw hindi ang inaasahang babalik na pakinabang. Ito rin siguro ang dahilan kung bakit ang mga Filipino ay tinaguriang "*peace-maker*" dahil isinasaalang-alang nila ang pakikitungo sa iba bilang kapwa, bilang kasama at hindi bilang ibang tao.

*Malasakit*. Ang mga Filipino ay tanyag sa pagiging *caregiver* sa ibang bansa. May mga nagsasabi na pinipili talaga ng maraming pamilya ang caregiver na Filipino dahil sila ay nagbibigay ng serbisyo hindi lang dahil sa kikitain sa ganitong hanapbuhay o dahil ito ay trabaho lang. Ang mga Filipinong caregivers ay may taal na malasakit sa mga taong nasa kanilang pag-aalaga. Ang malasakit ay isang katangiang Filipino na dala-dala niya maging sa paghahanap-buhay. Kung ganoon, ang malasakit ay higit sa konsepto ng pag-aalaga dahil hindi ito "ipinadarama" ng isang Filipino sa konteksto ng hanapbuhay lamang katulad ng *care-giving*. Sa halip, ang malasakit ay isang lutang na ugali ng mga Filipino lalo't higit sa mga sitwasyong kinakailangan ang pagtulong. Ang bayanihan ay maituturing na isang anyo ng malasakit. Ang malasakit ay ang pagbibigay ng tulong higit sa lahat, sa nangangailangan, hindi sa humihingi nito.

Ang bahala na, pangamba, giliw, at malasakit gaya ng nasabi na, ay higit na pagtatantiya sa kung ano ang ikikilos sa isang pagkakataon kaysa sa pagtatantiya sa kahihinatnan ng isang pagkilos. Ang huli ay tatak ng kanluraning epistemolohiya na kung saan ang kilos ay sinisiyasat bilang paninimbang sa inaasahang kahihinatnan (*rational action*). Ang isang kilos ay masasabing rasyonal at lohikal kapag may ganitong pagsasaalang-alang. Ang mga dominanteng teorya simula kina Durkheim, Marx at Parsons hanggang kina Blau, Homans, Giddens at Luhmann ay may ganitong perspekstibo at pamantayan.

Sa Pilipinas, may apat na batayan ang pagtatantiyang ito bilang manipestasyon ng pakiramdaman. Sa Krokis 2, nasasaad ang batayang (i) lapit, (ii) galang, (iii) hiya at(iv) lusot. Ang apat na batayang ito ay sabay-sabay na ginagamit at nilalapatan ng karampatang bigat ng isang Filipino sa pagtataya at paghuhusga ng pagkilos.




Krokis 2. Pakiramdaman Bilang Ugat ng Pagkilos ng Filipino

Maituturing ding dimensiyon ng pakiramdaman ang apat na ito dahil salig sila sa pagpapahalaga ng relasyon ng kapwa sa sarili. Sa Hanayan 2 binaybay ang hugpungan ng apat na dimensiyon gamit ang mga naunang halimbawa.

Ang lapit ay hindi lang tumutukoy sa pisikal na proksidad; sinusukat din nito ang sosyal at biswal na espasyo gaya ng pagkakaibigan, magkapitbahay, kaopisina, kapwa Filipino at dayuhan. Samakatwid ito ay tumutukoy sa relasyon at nakatuon sa ugnayan.

**Hanayan 2. Batayan, Sukatan at Oryentasyon ng Pakiramdaman**

| ***Batayan*** | ***Sukatan*** | ***Oryentasyon*** | ***Halimbawa*** |
|---|---|---|---|
| Lapit | relasyon | pang-ugnay<br><______> | *Giliw/Muhi* |
| Galang | tao/kapwa | panloob<br><______ | *Malasakit/Galit* |
| Hiya | sitwasyon | panlabas<br>______> | *Bahala na* |
| Takot/Lusot | kahihinatnan | pang-iwas<br>>____< | *Pangamba* |

Bukod sa giliw may iba pang inuugatan ang pagkilos ng mga Filipino na maipapaliwanag ng lapit bilang batayan tulad ng konsepto ng yamot o muhi: "Mainit ang dugo ko sa taong yan", o ang kabaligtaran "magaan ang dugo ko sa kaniya" ay ilan lamang sa mga halimbawang ito.

Galang ang panloob na batayan kapag ang isinasaalang-alang ay ang pagkatao ng mga kasalo sa interaksyon. Kung gayon isa itong uri ng pakikipagkapwa na kung saan ang "pagkilala sa tao bilang kapwa o kawangis sa dangal ng pagiging tao" ang mabigat na konsiderasyon sa pagkilos (Javier 19). Ang paggalang ay isang kilos-pagpapasya na bunsod ng dangal, edad, katayuan sa buhay, at pangkalahatang integdridad ng taong binibigyang galang.

Kapag ang namamayaning sukatan ay ang sitwasyon masasabi na ang kaukulang batayan ay ang hiya. Ang hiya ay pag-uugali na bunsod ng kaganapan (*event*) at maaaring maka-apekto sa pagtingin ng indibidwal sa sarili at sa kaniyang katauhan. Ang mga ekspresyong tulad ng "Hindi ka ba nahihiya at pag-uusapan ka nila?" o "Nakakahiya baka pagtawanan nila ako!" ay patunay na ang hiya ay panlabas na puwersa na bunsod ng sitwasyon. Ang "makapal ang mukha" ay kalimitang etiketa na ikinakabit natin sa mga taong tila di apektado ng nakakahiyang sitwasyon o sa masagwang pagtingin sa kaniya ng ibang tao. Ang taong may "balat-sibuyas" ay lubos na balisa sa maaaring sabihin o isipin ng ibang tao sa kaniya kaaya-aya man o hindi ang kinasasangkutang sitwasyon. Kung ganoon, ang "kakapalan ng mukha" ay ebalwasyon ng iba sa kawalan ng hiya ng isang tao; samantalang ang "balat- sibuyas" ay ebalwasyon sa pagkilos na kakakakitaan ng sobrang hiya.

Katulad ng hiya, ang lusot ay batayan na nakasalalay sa kaganapan o sitwasyon. Subalit sa lusot ang oryentasyon ng pagkilos ay higit na nakatuon sa inaakalang kahihinatnan ng ikikilos sa isang sitwasyon o kaganapan. Dahil dito, ang lusot ay laging may kaakibat na takot na siyang nagsisilbing "panala" ng pagbabalak sa mga hakbang na gagawin. Kakaiba ito sa naunang tatlong batayan sapagkat maaaring daigin ng lusot ang pinagsamang bigat ng lapit, galang at hiya. Ang taong may pagnanais lumusot ay natutuksong balewalain ang dignidad ng ibang tao at maging ang halaga ng sitwasyon. Sa halip, ang tanging layunin niya ay tantiyahin ang kaniyang "pagkakataon" na isakatuparan ang kaniyang balak. Kung gayon, ang lusot bilang pagkilos ay may sangkap ng pagtataya na nakatuon sa "pagkakataon" ng posibleng pagkahuli o pagkahalata. Sa paglusot, hinahagilap ng isang Filipino ang mga indikasyon na maaaring makapagbigay ng hudyat upang ituloy o hindi ang binabalak. Sa kanluraning pagteteorya, ang paglusot ay isang suwail na pag-uugali (i.e. *deviant behavior*) at ito ay tinitingnan bilang isang masagwa at lihis na pag-uugali. Sa Pilipinas ang paglusot ay maaaring tingnan bilang isang uri ng pandaraya kung ito ay may

kalakip na intensyon na manloko para sa pansiriling pakinabang (Miranda-Feliciano 7). Subalit sa pang-araw-araw na ugnayan, ang paglusot ay isang malusog at pangkaraniwang gawi ng pagkilos at pag-iisip ng mga Filipino. Ang paglusot ay isang kakayahang sosyal (*social skill*) na katangi-tangi sa Filipinong pakiramdaman sapagkat kaagapay nito ang ilang mahalagang pagpapahalaga tulad ng "ayos" at "usap" (Mercado 162-163) at "lagay" at "lakad" (Miranda-Feliciano 3-4). Ang mga nabanggit kung papansinin ay siya ding pinag-uugatang pagpapahalaga na sumasaklaw sa giliw, lapit at hiya.

Ang relasyon, taong kasabwat sa interaksyon, sitwasyon at inaakalang kahihinatnan ay pawang sukatan ng mga batayan. Ang mainam at maingat na pagtitimpla sa mga sukatang ito ang tatak ng pakiramdaman bilang sangkalarawan ng pagkilos at interaksyon sa Pilipinas. Sa isang ideal na sitwasyon, hindi sila isa-isang kinakasangkapan, bagkus sabay-sabay silang kinokonsidera at sa huli maaaring isa o kombinasyon ng batayan ang mananaig sa pagdedesisyon kung ano ang gagawin. Ang pananaig ng isa o kombinasyon ng batayan ang siyang magiging tatak ng pagkilos at magtatakda ng pagkilos ng iba pang sangkot sa interaksyon.

Nais kong linawin na ang pakiramdaman ay hindi isang solipsistikong gawain. Sa isang interaksyon, hindi isang tao lamang ang nakikiramdam; ang bawat isang sangkot at kahalubilo sa interaksyon ay may kani-kaniyang diskarte sa pakiramdaman. Sa puntos na ito, makikita ang paglalaro ng pakiramdaman at mapapansin na ito ay isang mutyuwal na programang sosyal. Ang pagtitimpla ng mga sukatan ay maihahalintulad sa isang laro at ang mga taong sangkot sa interaksyon ay katulad ng mga manlalaro. Higit sa mga nakatakda at sinusunod na panuntunan ng laro, hinahapuhap ng bawat kasali ang layunin ng isa't isa. Sa paghahapuhap na ito makikita ang tila nakakalitong tantiyahan at pakiramdaman. Subalit sa halip na tingnan ang tantiyahang ito bilang isang magulo at masalimuot na proseso, sa Pilipinas ito ay isang katanggap-tanggap at malinaw na sangkapan ng ugnayan.

Dahil nakatuon ang pakiramdaman sa pang-araw-araw na kilos at mukha-sa-mukhang ugnayan ng mga tao at sa mababaw na kaganapan ng buhay, hindi malayong pagbintangan ang modelong pakiramdaman sa pagkakaroon ng tila maliit na sakop na pananaw (*micro perspective*). Subalit sa isang pagsipat, maaari din itong gamiting lente sa pagsilip sa malakihang pangyayari tulad ng halalan, rebelyon, coup d'etat, krimen, maramihang pagkilos at iba pa. Sa ganitong kalagayan, ang pakiramdaman bilang lapit sa pag-aaral ng lipunan ay maaaring hugpungan at susugan ng teknolohiya na magpapalawig ng sakop ng pakikiramdam.

Tingnan ang halimbawang ito: Ang maaaring ikilos ng isang politikong nasasangkot sa isyu ng katiwalian ay maaaring usisain gamit ang mga batayang nabanggit sa itaas

bilang lente. Ang kaniyang mga pagkilos ayon sa desisyon kung mangungunyapit o magbibitiw sa pwesto ay maaaring balangkasin bilang serye ng pagtitimpla ng mga batayan. Mapapansin sa hanayan sa ibaba na ang desisyon kung magbibitiw man o mananatili sa pwesto bilang aksyon ay nakasalalay sa pagkalap at maingat na pagtitimpla ng mga kondisyon. Kung susuriin ang hanayan, makikitang mas lamang ang mga kapaki-pakinabang na kondisyon na manatili sa pwesto kaysa magbitiw.

**Hanayan 3. Halimbawa ng Pagtitimpla ng mga Batayan**

| Batayan | Mananatili sa Pwesto | Magbibitiw sa Pwesto |
|---|---|---|
| Lapit | - Paghingi ng tulong sa mga kaibigan at koneksyon sa pamahalaan na maaaring magbigay ng proteksyon at pantustos sa inaasahang magastos at mahabang usapin.<br>- Pagbalanse sa maaaring gawin ng mga kaaway sa politika at hanapbuhay. | - Kakaunti ang bilang ng mga taong nagrereklamo.<br>- Ang nagrereklamo ay mga taong walang mahalagang antas o posisyon sa lipunan. |
| Galang | - Di pagpansin sa saloobin at sasabihin ng mga iginagalang na personalidad sa lipunan, mga taong pinahahalagahan<br>- Pagbabalewala ng iisipin tungkol sa kaniya ng mga pangkaraniwang tao.<br>- Paghahanap ng tiwaling gawain ng mga kalaban na umuusig sa kaniya. | - Ang pagsasaalang-alang sa posibleng pagkakasangkot ng mga taong minamahal sa buhay at walang kasalanan.<br>- Ang balais na maaaring idulot ng posibleng galit na makikita sa mga taong inirerespeto at rumirespeto sa kaniya. |
| Hiya | - Pag-iwas sa nakahihiyang paglilitis sa korte,<br>- Ang pangamba sa posibleng pagtalikod ng mga taong inaasahang makakatulong sa kaniya.<br>- Pagpigil sa paglabas ng iba pang katiwalian na kaniyang kinasasangkutan. | - Pag-iwas sa pagkondena ng simbahan at iba pang moral na kalipunan. |
| Lusot | - Kawalan ng matibay na ebidensya na magdidiin sa kaniya.<br>- Ang pagkuha ng magagaling na abogado, pagsusuhol sa mga dumidinig na Huwes, paggamit sa mga kayamanan na mapakikinabangan mula sa posisyong inookupa.<br>- Pag-angkin sa proteksyong ipinagkakaloob ng batas sa mga akusadong tulad niya.<br>- Pagtakas, pagtatago, o pagkukunwaring may karamdaman.<br>- Pagpapabagal sa proseso ng paglilitis. | Takot na namamayani sa isipan ng mga taong maaari sanang tumestigo laban sa kaniya. |

Tanging ang batayang galang at hiya ang may kaukulang bigat, lamang maaaring tapatan ng batayang lapit ang mga ito sapagkat sa Pilipinas ang mga kaibigan at kasamahan sa trabaho kundi man mga kamag-anak ang kalimitang nagbibigay ng suportang moral at kung minsan ay kasabwat sa tiwaling gawain (i.e. mga kaugnay na Filipinong pagpapahalaga ng lusot). Kakatuwang malinaw na malinaw ang pamamayani ng mga hudyat para makalusot kung kaya magwawagi ang pananatili sa pwesto bilang aksyon/desisyon.

## LAGOM

Ang pag-aaral sa dinamiko ng ugnayan sa Pilipinas, maliit man o malakihan, ay hindi monopolya ng pagteteorya bilang praktis na bunsod ng siyentipikong pananaw at metodo. Ang pagdadalumat sa mga natatanging prinsipyo ng sosyolohiya bilang isang banyaga at hiram na disiplina ay maaari ding susugan ng talastasan bilang taal na kapamaraanan ng paghubog ng karunungang sosyal sa Pilipinas. Ang pagdadalumat bilang kapatas na proseso ng pagteteorya ay salig sa konsepto ng "kapwa" na kung saan ang "iba" ang ginagawang katig sa pag-unawa ng "sarili." Ang unawaang ito sa pagitan ng iba at sarili ay susi sa pakiramdaman bilang isang tatak Filipinong dulog sa pag-aaral ng ugnayang Filipino. Ang pakiramdaman ay isang uri ng talastasan na kung saan ang mga sangkot ay nagtitimpla ng mga hudyat na siyang pagbabasehan ng kilos at pagpapasya. Ang pagtitimpla ay ginagabayan ng apat na batayan hinggil sa lapit, galang, hiya at lusot.

Panghuli, ang pangangailangan ng "katunayan" ay hindi angkop sa praktis ng pagdadalumat sa Pilipinas. Sa halip, umiikot ang pangangailangan, kung mayroon man, sa bisa ng "pakinabang" ng pagdadalumat. Ang pakinabang ay nag-uugat sa natatanging layunin ng pagbubuo at pagpapalawig ng mga konsepto sa pag-aaral ng ugnayan sa Filipinong lipunan, hindi sa gara ng yari ng metodo o sa dami ng nakalap na binibilang na katibayan. Ang sinasabing "kakapusan" ng lapit na ito sa pagpapayabong ng disiplinang sosyolohiya sa Pilipinas ay kakatuwang siya namang katangi-tanging ambag ng mga Filipino sa sosyolohiya. Gayunpaman, hindi ito sagabal sa kakayahan ng tatak Filipinong lapit na gumamit at lumakap ng empirikal na katibayan upang palakasin ang pakinabang ng dalumat.

Ang Filipinong ambag sa pagpapayabong ng disiplinang sosyolohiya ay malinaw na hindi matatagpuan sa larangan ng metodo gaya ng ipinahihiwatig ng kasalukuyang diskurso ng pamayanang agham panlipunan sa bansa. Kung sa metodo ang ambag, tahakang lalamunin ng siyentipikong praktis ang pag-ungkat sa dinamiko ng Filipinong pagkilos at ugnayan. Kapag nangyari ito, tinatanggalan natin ng bisa ang birtud ng

mga taal na diwa na tanging daan sana sa pagpapaliwanag at pagbabantayog ng kulturang Filipino. Ang ambag, higit sa lahat, ay nasa larangan ng pag-urirat sa mga panuntunang prinsipyo ng disiplina gamit ang ugnayang "iba at sarili" (i.e. kapwa) bilang inuugatang talastas. Sa ganitong sitwasyon, ang Filipinong pagdadalumat ay may kapangyarihang lumikha ng karunungang sosyal na maaaring makapagpaamo sa mabangis na mukha ng sosyolohiya bilang isang banyagang disiplina.

## ENDNOTES

1 Si Socrates at Aristotle ay may magkaibang pananaw sa gamit / kawalan ng gamit ng *theoria* sa lipunang Griyego.

2 Pinaigsing "sangkapang paglalarawan" na ang ibig sabihin ay ilustrasyon o modelo.

3 Ipinapakita ng ideyang "self" ni Mead na ang pakiramdaman paano man ito tawagin ay tatak ng anumang uri ng ugnayan at interaksyon sa pagitan ng mga indibidwal.

4 Ito ay isang banyagang konsepto na sangkap ng diskurso ng kalamidad na ang kahulugan ay "panganib." Walang eksaktong katumbas na kataga ang *risk* sa Filipino kung kaya't mahirap itong lapatan ng pagpapaunawa gamit ang kilos ng mga Filipino sa panahon ng kalamidad.

5 Maaaring sangguniin ang artikulo ni Homans—*Social Behavior as Exchange* na inilathala noong 1958 ng *American Journal of Sociology*. Tingnan din ang aklat ni Blau (1977) tungkol sa teoryang ito. Ang *autopoiesis* (self-organizing system) ni Luhmann ay may kahalintulad na prinsipyo.

## SANGGUNIAN

Abend, Gabriel. "The Meaning of 'Theory'." *Sociological Theory* 26.2 (2008): 173-199. Print.

Baas, Michiel, Ariel Lopez & Yedda Palemeq. *Postcolonial Dialogue(s) Crossed and Parallel Identities in Former Colonizing and Colonized Societies*. Amsterdam: International Institute for Asian Studies (IIAS), 2011. Print.

Baudrillard, Jean. "Simulation and Simulacra." Trans. Sheila Faria Glaser. Michigan: U of Michigan P, 1994. Print.

Blau, Peter. *Exchange and Power in Social Life*. New York: Wiley, 1964. Print.

Braeunlein, Peter. "Postcolonial Theory." *Religion in Southeast Asia: An Encyclopedia of Faiths and Cultures*. Ed. Jesudas Athyal. Santa Barbara: ABC Clio, 2014. Print.

Clemente, Jose Antonio, et al. "Revisiting the Kapwa Theory: Applying Alternative Methodologies and Gaining New Insights." *Philippine Journal of Psychology* 41.2 (2008): 1-32. Print.

Clemente, Jose Antonio. "An Empirical Analysis of Research Trends in the Philippine Journal of Psychology: Implications for Sikolohiyang Pilipino." *Philippine Social Science Review* 63.1 (2011): 1-34. Print.

Church, Timothy & Marcia Katigbak. "Indigenization of Psychology in the Philippines." *International Journal of Psychology* 37.7(2002): 129-148.Print.

Contreras, Antonio. Personal na panayam. 24 Sept. 2014.

David, Randolf. Personal na panayam. 25 Nov. 2014.

De Guia, Katrin. *Kapwa: The Self in the Other. Worldviews and Lifestyle of the Filipino Culture-Bearers*. Pasig: Anvil, 2005. Print.

Erasga, Dennis. "Reflexive Textuality: Researcher as Fractured Context." *Asia Pacific Social Science Review* 7.1 (2007): 45-57. Print.

---. Philippines: A Land of Disaster, A Culture of Risk. A Dr Pao Shih Tien Professorial Chair Lecture in Organizational Development. College of Liberal Arts, De La Salle University, 2014. Unpublished.

Erasga, Dennis & Yellowbelle Duaqui. "Sociological Theorizing in Philippine Sociology: Some Critical Notes." 2015. Unpublished.

Foucault, Michel. *Society Must Be Defended Lectures at the Collège de France 1975-1976*. Trans. David Macey. Surrey: Picador, 2003. Print.

Fukuyama, Francis. *The End of History and the Last Man*. New York: Penguin, 1992. Print.

Guillermo, Ramon. "Exposition, Critique and New Directions for Pantayong Pananaw." *Kyoto Review of Southeast Asia*, 3 March 2003: n. pag.Web. 17 May 2014.

---. "Pantayong Pananaw and the History of Philippine Political Concepts." *Kritika Kultura* 13 (2009): 107-116. Print.

Homans, George C. "Social Behavior as Exchange." *American Journal of Sociology* 63.6 (1958): 597-606. Print.

Javier, Roberto E. Jr. *Pakikipagkapwa: Pilipinong Lapit sa Pananaliksik (Pamumuno, Pagsasakapangyarihan, Pangkamamamayan, Pananagutang Panlipunan, at Pakikipamayapa)*. Quezon City: Central Book Supply, 2012. Print.

Luhmann, Niklas. "System as Difference." *Organization* 13.1 (2006): 37-57. Print.

Mead, George Herbert. *Mind, Self and Society*. Ed. Charles Morris. Chicago: U of Chicago P, 1934. Print.

Mercado, Leonardo M. *The Filipino Mind: Philippine Philosophical Studies II*. Washington D.C.: The Council for Research in Values and Philosophy, 1994. Print.

Merton, Robert. *Social Theory and Social Structure*. New York: The Free Press, 1968. Print.

Miranda-Feliciano, Evelyn. *Filipino Values and our Christian Faith*. Manila: Overseas Missionary Fellowship, 1990. Print.

Navarro, Atoy; Mary Jane Rodriguez, and Vicente Villan, eds. *Pantayong Pananaw: Ugat at Kabuluhan. Pambansang Pag-aaral ng Bagong Kasaysayan*. Lunsod Quezon: Palimbagan ng Lahi, 2000. 1-10. Print.

Nigg, Charles. *A Tagalog-English, English-Tagalog Dictionary*. Carriedo, Manila: Imprenta De Fajardo Compound, 1904. Print.

Nightingale, Andrea W. "On Wandering and Wondering: *Theoria* in Greek Philosophy and Culture." *Arion* 9.2 (2001): 23-58. Print.

---. *Spectacles of Truth in Classical Greek Philosophy: Theoria in its Cultural Context*. MA: Cambridge UP, 2004. Print.

Noceda, Juan de and Pedro de Sanlucar. *Vocabulario de la lengua Tagala*. Manila: Imprenta de Ramirez y Gibaudier, 1860. Print.

Nuncio, Rhoderick. "Kung Bakit Hindi na Hikain ang Wika ng Teorya sa Wikang Filipino." De La Salle University. Malate, Manila. 13 Nov. 2008. Professorial Chair Lecture *(Panayam Dr. Isagani Cruz)*.

Pe-Pua, Rogelia, ed. *Sikolohiyang Pilipino: Teorya, Metodo at Gamit*. Quezon City. Philippine Psychology Research and Training House, 1995. Print.

Pe-Pua, Rogelia and Elizabeth Protacio-Marcelino. "Sikolohiyang Pilipino: A Legacy of Virgilio G. Enriquez." *Asian Journal of Social Psychology* 3 (2000): 49-71. Print.

Rillo,Fidel D. "Kung Makisama ang mga Pilipino." Seryeng Aklat-Pampamantasan ng Philippine Studies 1. Eds. Isagani Cruz, et al. Manila: Integrated Research Center, De La Salle University, 1982: 32-35. Print.

Salazar, Zeus A. "Ang Pantayong Pananaw Bilang Diskursong Pangkabihasnan." *Pilipinolohiya: Kasaysayan, Pilosopiya at Pananaliksik*. Eds. Atoy Navarro, Mary Jane Rodriguez at Vicente Villan, *Pantayong Pananaw: Ugat at Kabuluhan, Pambungad sa Pag-aaral ng Bagong Kasaysayan*. Lungsod Quezon: Palimbagan ng Lahi, 2000, 79-125. Print.

---. "Pantayong Pananaw: Kasaysayang Pampook, Pambayan at Pambansa"*Pantayong Pananaw: Ugat at Kabuluhan, Pambungad sa Pag-aaral ng Bagong Kasaysayan*. Eds. Atoy Navarro, Mary Jane Rodriguez at Vicente Villan. Lungsod Quezon: Palimbagan ng Lahi, 2000, 35-53. Print.

Selg, Peeter. "The Politics of Theory and the Constitution of Leaning." *Sociological Theory* 31.1 (2013): 1-23. Print.

Sta. Maria, Madelene. "Is the Indigenization Crisis in Philippine Social Sciences Resolved in Sikolohiyang Pilipino?" *Layag* 1.1 (1996): 101-120. Print.

Suppe, Frederick. "Understanding Scientific Theories: An Assessment of Developments, 1969-1998." *Philosophy of Science*. 67 (2000): S102-S115. Print.

Ubaldo, Lars Raymund. *Personal na panayam*. 20 Sept. 2014.

Zhao, Shanyang. "The Beginning of the End or the End of the Beginning? The Theory Construction Movement Revisited." *Sociological Forum* 11.2 (1996): 305-318. Print.

Zima, Peter V. *What is Theory? Cultural Theory as Discourse and Dialogue*. London: Continuum, 2007. Print.

---

**Dennis S. Erasga** <dennis.erasga@dlsu.edu.ph> is Associate Professor of Sociology at De La Salle University, Manila. He is a Salzburg Global Seminar Fellow (Biography as Mirror of Society, 2006). His book *From Grain to Nature: A Rice-Based History of Environmental Discourse in the Philippines, 1946-2005* came off the press in 2012 together with his edited volume—*Sociological Landscape: Theories, Realities and Trends* published by InTech. He obtained his Ph.D. in Environmental Science from the University of the Philippines at Los Baños, Laguna. He teaches social theory courses in the graduate and undergraduate levels.